

1

Nakakangilo ang ingay na nililikha ng dambuhalang sasakyan habang rumarampa ito sa mahabang runway.

Ilang sandali pa ay bumababa na ang mga pasahero mula sa eroplano, kabilang na roon si Margaret. Kay bigat ng mga hakbang niya, waring kasing-bigat ng kalungkutang nakadagan sa kanyang kalooban.

Nakakapanibago ang samyo ng hanging umabot sa ilong niya. Parang gustong manuyo ng kanyang balat dala ng mainit na panahon. Nasanay na siya sa malamig na klima sa Amerika sa loob ng sampung taong pamamalagi roon.

Bahagya lang niyang ininda ang mga pagbabago sa kanyang kapaligiran. Mas nadarama niya ang pag-antak ng kalooban dahil sa muling pagdaloy ng mga alaala sa unang pagtapak ng kanyang mga paa sa lupang sinilangan....

“Hoy, bata! Huwag mong hawakan ang gate namin! Marurungisan iyan ng mga kamay mong

maputik!” mataray na saway ni Margaret na noon ay seven years old lang.

“Hindi naman, ah! Ang sungit-sungit mo naman; para gusto lang kitang pagmasdan,” hindi nababalinong tugon ng nine-year-old na batang lalaki na si Benedict. May kislap sa mga mata nito nang tumitig sa kanya; dinalawang kamay pa ang paghawak sa gate na bakal.

Lalong nagngitngit ang batang babae. Ang totoo kasi, hindi naman ang paghawak nito sa gate nila ang ikinaiinis niya kundi naiilang siya sa paraan ng pagtitig ng batang lalaki sa kanya. Kahit punit ang suot nitong damit, kahit marungis ito dahil sa putik, kahit bahagyang gusot ang buhok nito, di-maikakailang guwapo ang bata.

Mukha pa itong matapang, hindi kagaya ng mga kalaro niyang bata na anak ng mga amiga ng kanyang mama. Mga lalamya-lamya ang mga ito. Nasanay kasi ang mga ito na may mga yaya na tagasilbi sa bawat oras.

Napasulyap siya sa malaking kalabaw na akay-akay ng batang lalaki. Mahahaba ang sungay niyon, malalaki at mapupula ang mata na kapag itinitig sa kanya ay gusto niyang mapatili sa takot. Ngunit bakit ang batang lalaki ay hindi natatakot? Bakit sa isang

sutsot lang nito ay kaagad na yumuyuko ang ulo ng kalabaw at sumusunod dito kahit saan ito akayin?

Alam niya iyon kasi ay lagi rin naman niya itong palihim na tinatanaw tuwing dadaan ito sa kanilang malaking bahay tuwing umaga at tuwing hapon na patungo ito sa bukid para isuga ang kalabaw.

“At bakit gusto mo akong pagmasdan, siguro’y naiinggit ka dito sa tsokolate ko, ano? O baka naman itong malaking manyika ko ang gusto mong nakawin?” mataray niyang tanong na may kasama pang pamamaywang.

Kitang-kita niya ang pagngangalit ng mga bagang ng batang lalaki, ang pagtitiim ng mga ngipin at ang matalim na titig, kapagkuwan ay may gumuhit na kirot sa mukha nito.

At sa ilang saglit ay parang gustong bawiin ni Margaret ang mga binigkas ng sutil niyang dila.

“Hindi totoo ’yan,” mariin nitong saad, parang pinipigil ang maiyak. “Talaga lang gusto kitang makita. Kaya lang ay ang sama pala ng ugali mo. Matapobre!” sabi nito, sabay hila sa lubid ng kalabaw.

“Hmph!” Paingos na rin siyang lumayo sa gate, bitbit ang malaking manyika at malaking kahon ng tsokolate.

“Alam mo, Margaret, tumakas ako kina Daddy at Mommy kagabi,” tila kinikilig na pagbabalita ni Shirley sa kaibigan.

“Bakit naman?” kunot-noo niyang tanong.

“Kasi’y may sayawan diyan sa malapit sa barangay hall.”

“Ang weird mo talaga!” sita niya rito. “At bakit kailangan mo pang takasan ang daddy at mommy mo para lamang dumalo sa cheap na sayawan ng mga magsasaka?” Nakataas ang kilay na nilinga niya ito. Katabi niya ito sa upuan sa library ng *St. Therese*, ang tangi at nag-iisang exclusive all-girls school sa bayan nila. Ang dalawang dalagita ay kapwa nasa third year high school.

“Hoy! For your information, hindi ang mga magsasaka ang pinuntahan ko doon, kundi iyong pinakaguwapong nilalang na naroon, si Benedict San Gabriel.”

Lalong tumaas ang kilay ni Margaret. “At sino naman iyon?”

“Hindi mo siya kilala? My goodness, siya ang chairman ng Kabataang Barangay! Ang star player

ng liga sa baryo natin, at ang laging escort ng mga muse sa *Mondragon College*.”

“And what is so special about him? Goodness ka naman, Shirley! Para kang hindi nag-aaral sa pambabaeng eskuwelahan. Kung kumilos ka’t magsalita ay parang hindi ka nabibilang sa anak ng mga nasa alta-sosyedad dito sa ating bayan.”

“To hell with them! Basta’t masaya at maligaya ako dahil tatlong beses akong naisayaw ni Benedict kagabi.” Pinagsalikop pa nito ang mga kamay at bahagyang tumingala sa puting kisame ng library na parang lalong kinilig sa pagkaalala sa mga pangyayari.

“At sino naman ang kasama mo sa sayawang iyon?”

“Si Huling, iyong anak ng labandera namin,” pabale-walang tugon nito.

“Wow, shocking!” Napatayo siya at pabagsak na ipinatong sa harap nito ang hawak na libro.

“Shh!” saway nito sa kanya. Hinila siya nito at saka luminga sa paligid. At tama ito. Ang ilang estudyanteng naroon ay sa kanila napako ang paningin habang si Sister Maria, ang kanilang librarian ay nanlalaki ang mga mata habang nakatingin sa kanila.

Napapahiyang muling naupo si Margaret. “Sorry po, Sister Maria,” saad niya sa madre at isinubsob na ang ulo sa binabasang libro. Gustung-gusto na niyang kurutin sa singit ang kaibigan dahil sa pagkapahiyang natamo.

“Bakit naman overacting ang reaksyon mo kanina, nakagalitan ka tuloy ni Sister Maria,” bungad ni Shirley pagkaupo pa lang nila sa lilim ng punong acacia, na naroon din sa loob ng compound ng *St. Therese*.

“At sino’ng hindi masa-shock sa pinagsasabi mo? Ang anak ng vice mayor, dumalo sa isang cheap na sayawan ng mga magsasaka na ang kasama ay ang anak ng labandera?” Pinandilatan ng mga mata ni Margaret ang kaibigan.

“Exciting nga, eh. Biruin mong inakyat ko ang mataas naming pader. Nanganganib pang mabawasan ang allowance ko kapag nabuking ako. Pero worthwhile lahat iyon dahil nakasayaw ko si Benedict!”

“Don’t tell me na in love ka sa Benedict na iyon?” Nanlalaki ang mga matang napatitig siya rito.

“Ewan ko; siguro nga. Basta’t gusto kong palagi

siyang nakikita. Gusto kong mapansin niya ako at pag-ukulan ng panahon.”

“Hmph! Hindi ko alam na may tendency ka palang maging luka-luka.” Nakalabi niyang tinitigan ang katabi.

“Ikaw naman, napaka-snob mo. Baka kapag nakita mo si Benedict ay kutsabahin mo lahat ng katulong ninyo sa bahay para lang makita siyang muli,” nakalabi ring tugon nito.

“Never! At ano’ng akala mo sa akin, walang taste na kagaya mo?” Humalukipkip pa siya.

“Kung ako sa iyo, hindi ako magsasalita ng tapos. Dahil para ko nang nakikita ang magiging reaksyon mo oras na masilayan mo ang kaguwapuhan ni Benedict. Baka right then and there ay malulusaw ang puso mo.”

“Hey, dini-dare mo ba ako? Hindi mo ba nakikita ang mga lalaking gustong mangayupapa sa mga paa ko—mayayaman, mga guwapo, at mga sosyal din at may mga breeding ang pamilyang pinagmulan! Hindi kagaya ng Benedict na ipinagmamalaki mo na for sure ay anak ng magsasaka,” mayabang niyang saad.

“Oo, anak nga siya ng isa sa mga magsasaka ng daddy mo pero iba siya sa karaniwan. He’s one

hell of a man. Nasa kanya ang lahat ng katangiang hahanapin ng isang babaeng katulad ko para sa lalaking gusto niyang makasama habambuhay.” Muli nitong pinatirik ang mga mata.

“Sus! Luka-loka ka talaga. Para fifteen ka pa lang, ganyan na ang sinasabi mo. Ma’nong pag-aaral muna ang asikasuhin mo,” inis niyang sita rito.

“Margaret, my friend, para sabihin ko sa iyo, si Benedict ang aking inspirasyon. Hindi mo napuna sa last test natin? Pangalawa ako sa iyo.”

“Pangalawa ka lang, ako pa rin ang una,” nagmamalaking sabi niya.

“At least, hindi na kagaya ng dati na pangsampu lang ako.”

“Alam mo, intrigang-intriga na ako sa pinagsasasabi mo. Parang gusto ko ’atang makita ang lalaking iyan.”

“I-ipapakilala kita sa kanya?” parang nag-aalangang tanong nito. Parang bigla itong kinabahan.

“Hindi naman kailangang makilala ko siya, gusto ko lang siyang makita. Maliit lang naman itong baryo natin, bakit ni hindi ko ’ata matandaang nakita ko siya o nakilala man lang?”

“Ay! Nakalimutan ko nga palang sabihin, may

tatlong buwan pa lang siyang nakakauwi dito,” simula nito. “Kasi’y sa Maynila siya nag-aral ng high school. Pinag-aral siya ng tiyahin niya doon. Kaya lang ay namatay na ’yung tiyahin niya kaya dito na lang sa atin magko-college. Doon nga sa *Mondragon College* siya pumapasok. At sa loob ng tatlong buwan niya dito, marami na agad ang bumilib sa kanya. Kaya noong botohan ng chairman para sa kabataan ay landslide victory ang panalo niya,” kuwento nito na parang kilalang-kilala na ang binatang tinutukoy.

“Ang dami mong alam tungkol sa kanya, ha? Ganoon na ba kayo ka-close?”

“Kagabi ko lang nalaman lahat iyon kasi nga’y tatlong beses niya akong isinayaw. Pagkatapos n’on, niyaya niya akong magkuwentuhan,” sagot nito. “Alam mo, mukhang interesado siya sa akin.”

“Hmph! Kaya ka naman pala nagkakaganyan. Ipakita mo nga siya sa akin para makilatis.”

“Pero hindi na kita ipapakilala sa kanya, ha?”

“Teka nga, kanina ko pa nahahalata na parang takot ka na makilala ko siya. Bakit ba?”

“K-kasi’y...” Napayuko nito. “Kasi’y tiyak na ikaw ang papansinin niya oras na makita at makilala ka niya. Ang ganda-ganda mo; ang layo ng agwat natin.”

“Shirley!” Gulat na gulat siya, noon lang niya nalaman na may ganoon palang damdamin sa kanya ang kaibigan.

“I’m sorry, Margaret. Noon ay hindi ko iyon pinapansin; kahit pa nga kapag magkasama tayo’y ikaw ang unang napupuna at gustong makilala ng mga boys. Pero ngayon, natatakot akong kapag makita ka niya’y baka mawala ang konting pag-asa ko sa kanya,” parang nahihiyang pagtatapat nito.

“Shirley, maganda ka rin naman, ah! Nagkataon lang na may pagkamorena ang balat mo,” alo niya rito. Hindi lalaki ang magiging dahilan para magkalayo sila ng kaibigan, sabi niya sa isip.

“Oo nga. Kaya lang ay talagang mas maganda ka pa rin. Ang puti-puti mo; ang haba at ang ganda ng makintab mong buhok na bagay na bagay sa hugis-puso mong mukha.”

“Hey! Bakit ka ba ganyan? Di kung ayaw mong ipakilala sa akin si Benedict, okay lang.”

“No, gusto ko ring makita mo siya para naman ma-justify ko sa iyo kung bakit ako nagkakaganito.”

“Bahala ka,” maikli niyang tugon na hindi gaanong interesado.

2

May katuwiran pala si Shirley, kaagad na naisip ni Margaret nang sa unang pagkakataon ay natanaw niya si Benedict. Sa gulang na labing-walo, mamang-mama na ang dating nito. Mga 5'9" ang taas nito at sa suot na collared shirt ay disente itong tanawin buhat sa malayo.

“Siya ba?” tanong niya sa kaibigan, itinatago ang tunay na reaksiyon.

“Oo. Ano’ng masasabi mo?”

“Hmm... puwede na,” kunwa’y kibit-balikat niyang tugon.

“Ganoon lang?” disappointed na tanong nito.

“Ano ba naman ang gusto mong marinig mula sa akin? Na saksakan nga pala ng guwapo ang Benedict na iyan?” may iritasyon sa tinig niyang sabi.

Napayuko si Shirley. “I’m sorry. Akala ko kasi’y makikita mo ang punto ko kung bakit kailangan kong tumakas sa mga daddy ko para lamang makadalo sa sayawan nila noong isang gabi.”

Napabuntunghininga siya, nakadama ng sumbat

ng konsyensya. “Okay, huwag ka nang magtampo at sasabihin ko na ang totoo. Buhat dito sa kinatatayuan natin ay kitang-kita ko na guwapo nga si Benedict. At, oo, maganda siyang magdala ng damit, mukhang kagalang-galang kahit alam kong mumurahin ang suot. At may katuwiran ka nga na magkaganyan. Satisfied?”

“Hindi ka sarkastiko na lagay na iyan, ha?”
Nangiti na ito.

“Hindi, ah!” taas-kilay niyang sagot.

Sabay silang nagkatawanan.

“Halika, ipapakilala kita sa kanya,” mayamaya ay yaya nito.

“Huwag na,” tanggi niya. “Akala ko ba’y natatakot kang mabaling sa akin ang pansin niya?”

“Hindi naman ako ganoon ka-narrow-minded. Saka isa pa, mukhang hindi mo naman siya type.”

Magsasalita pa sana siya nang hilahin na siya ng kaibigan palabas sa katawan ng punong pinagkukublihan nila.

“Benedict!” tawag nito sa binata.

Nabaling ang pansin sa kanila ni Benedict mula

sa ilang kabataan na kausap nito sa canteen ng *Mondragon College*.

Una ay sa mukha ng papalapit na si Shirley tumuon ang pansin nito, bago lumipad patungo sa mukha niya. At tama ba ang nakita niya sa mukha nito? Pagkabigla, paghanga, at sa dakong huli ay galit?

Bakit galit?

“Hi, Benedict!”

Hindi na nagkaroon ng kasagutan ang nabuong katanungan sa isip ni Margaret dahil naroon na sila sa tapat ng lalaki.

“Hi, Shirley!” nakangiti nitong baling kay Shirley, hindi siya pinansin na parang hindi na siya nag-exist.

May katuwiran si Shirley na isiping may pag-asa itong mapansin ng binata. Kay lalagkit ng titigan ng dalawa na parang sila lang ang tao roon.

Parang may kumurot sa puso niya sa nasaksihan.

“Benedict, I want you to meet Margaret, my best friend. Margaret, si Benedict, bagong kaibigan ko,” pakilala ni Shirley sa dalawa at saka sumulyap nang malagkit sa binata na parang nagtatanong kung

magkaibigan nga lang ba sila nito.

“Hi,” bati ni Benedict, pormal na inilahad ang isang kamay sa kanya.

“Hello,” mas pormal niyang sagot. Parang nasasaktan siya sa malamig na pagtanggap nito sa kanya.

Nagdaop ang kanilang mga kamay. Napatingin siya sa kamay nito. Bakit pamilyar iyon sa kanya? Nagulat pa siya sa mariing pisil nito, sa kuryenteng tila nanulay sa kanyang buong katawan.

“It’s nice to meet you, Margaret.”

“Same here,” nag-aalangang sagot niya. Sa pandinig niya ay parang sarkastiko ang tono nito. Nahila niya ang sariling kamay. Kailangan niyang panindigan ang sinabi kay Shirley na hindi siya kailanman maaapektuhan ng malakas na personalidad ni Benedict.

“Bakit ka nga pala napasyal dito sa aming abang paaralan?” baling ng binata kay Shirley at buong kaguwapuhang ngumiti rito.

“Wala naman. Ayaw mo ba akong makita?” malambing na tanong ng babae.

“Of course not. Ang totoo’y natutuwa nga

ako't nadalaw mo ako dito. Siyanga pala, sila ang classmates ko—sina Mel, John at Nelson. Boys, si Shirley, my new friend, and this is Margaret,” pagpapakilala naman nito sa mga kasama.

Nakipagkamay ang dalawang babae sa mga ipinakilalang estudyante.

Nagpatianod na lang sa agos si Margaret. Pinilit niyang ngumiti kahit masakit ang kanyang kalooban. At hindi niya alam kung bakit.

“Merienda muna tayo,” pagkuwa’y yaya ni Benedict. Pumunta sila sa canteen.

Masayang kumain ang kanyang kaibigan ngunit siya ay bahagya lang nagalaw ang pagkain sa harap niya.

“Bakit hindi mo inubos iyan?” puna ni Shirley sa kanya nang matapos na itong kumain.

“Wala akong gana.”

“Pasensya ka na kung iyan lang ang naipamerienda ko sa inyo. Wala kasi ditong mamahaling pagkain na kagaya ng nasa school ninyo. Low-class itong paaralan namin kaya wala ding wawa ang pagkain,” sarkastikong pahayag ni Benedict.

Matagal siyang napatitig sa mukha nito. Gusto

sana niyang itugon na wala namang kinalaman ang pagkain kung bakit wala siyang gana. Ngunit kaagad siyang nakadama ng pagrerebelde. Ano ba ang karapatan nitong pakitunguhan siya nang ganoon? Noon lang naman sila nagkita.

O noon nga lang ba?

“Oo nga, hindi nga ako sanay kumain ng mga cheap na pagkain,” paangil niyang sagot, sabay tayo. “Mauuna na ako sa iyo, Shirley. Excuse me.” At walang lingon-likod na lumabas siya ng canteen.

“Margaret!”

Hindi niya pinansin ang pagtawag ng kaibigan.

Wala silang kibuan ni Shirley habang nakaupo sa tig-isang dulo ng mahabang bench sa ilalim ng acacia.

“Bakit naman ganoon ang naging pakitungo mo kay Benedict?” sa wakas ay simula nito.

“Shirley! Hindi mo ba narinig kung paano niya ako ininsulto?” gigil niyang tanong at saka napatayo.

“Kasi’y ipinahalata mong snob ka at ayaw mong kainin ’yung pagkaing binili niya. Alam mo bang isang linggo niyang titipirin ang allowance niya dahil sa

extra expense niyang iyon?” sumbat nito.

Bahagya siyang natigilan, nakadama ng sumbat ng konsyensa, at pananaghili kay Shirley dahil nalalaman nito kahit ang mumunting detalye ng pagkatao ni Benedict.

Hindi na lang siya kumibo. Ayaw na niyang humaba pa ang kanilang pagtatalo.

Nang sumunod na mga araw, ramdam ni Margaret ang pag-iwas sa kanya ng kaibigan.

Minsan, nakita lang siya ni Shirley na papalapit dito ay binuhat nito ang mga libro at bag, at lumabas ng library.

“Shirley!” pagtawag niya ito, nagbabakasakaling hindi lang siya napansin nito. Ni hindi ito lumingon sa kanya.

“Mukhang may sumpung ang best friend mo, ah,” puna ni Sylvia, kaklase rin nila.

“Ewan ko ba sa babaeng iyan,” nagmamaktol niyang sabi. Nakiumpok na lamang siya sa grupo kahit hindi niya masyadong ka-vibes ang mga ito.

“Alam mo kung bakit?” May himig intriga ang

tono nito na kumindat pa sa katabing si Josie na katulad nito ay mukhang intrigera rin.

“Hindi. Bakit?”

“Kasi’y syota na niya ’yung guwapong taga-*Mondragon College*, si Benedict San Gabriel,” tsismis nito.

“H-ha?” Hindi siya nagtagumpay na maitago ang pagkabigla. Limang araw pa lamang ang nakakalipas mula nang ipakilala siya ni Shirley sa binata.

“Oo. Kaya naman ganyan na kasuplada ang babaeng iyan. Akala niya kasi’y aagawin ang pogi but poor niyang nobyo,” panggagatong ni Sylvia.

Ang sakit-sakit ng kanyang kalooban, bagaman hindi niya mahanapan ng kasagutan. Sa dakong huli ay inisip na lamang niyang tila siya inagawan ng kaibigan.

“Hay naku! Talagang may gap nga kayong magkaibigan. Ibig mong sabihin, hindi mo alam na may relasyon na sila buhat pa nang kamakalawa?”

“Kailan n’yo nalaman ang tungkol diyan?” tanong niya.

“Kanina lang. Narinig kasi naming nag-uusap iyong dalawang kaibigan ni Benedict sa may waiting

shed,” sagot ni Josie.

“Hmph! Hayaan n’yo nga siyang mapakatanga. Pipili lang ng nobyo’y wala pang binatbat ang kinuha.” Paingos siyang tumayo at iniwan ang grupo.

Nagkatinginan at nagbungisngisan ang mga ito. May intriga na naman silang ikakalat.

Pabagsak na inilapag ni Shirley sa harap ni Margaret ang mga dalang gamit.

Maang na napatitig siya sa kaibigan, nagtatanong ang mga mata. “Bakit?”

“Alam kong snob ka’t suplada pero hindi ko inexpect mula sa iyo na sasabihan mo akong tanga dahil lamang mahirap ang pinili kong nobyo. Benedict is a nice guy, kahit mahirap lang siya. Nakahihigit pa rin siya sa ibang kalalakihan dito sa atin na walang kayang ipagmalaki kundi ang magagara nilang kotse at mayabang na porma,” tila maiiyak nitong saad.

Kaagad niyang naunawaan ang ibig nitong tukuyin. Nakarating na kaagad dito ang sinabi niya nang umagang iyon kina Josie. At sa nakikitang galit sa mga mata nito, hindi niya malaman kung paano magre-react. “Teka muna, wala naman akong—”

“Tama na! Kilala kita. Ever since ay alam ko na ang ugali mong mapangmata ng kapwa. Kasi nga’y galing ka sa mayamang pamilya; kasi’y hindi mo nararanasang tumuntong sa putik at kumain ng tuyo. Kaya nagsisisi ako kung bakit pinili kitang maging kaibigan at sa loob ng tatlong taon ay pinagtiyagaan ko ang ugali mo.” Dinampot nitong muli ang mga libro at saka na siya tinalikuran.

May ilang minuto na itong nakakaalis ay hindi pa rin makakibo si Margaret. Minahal din naman niya ang kaibigan.

Sa ilang saglit ay naghalu-halo ang kanyang emosyon. Nangingibabaw roon ang sakit sa kumpirmasyong totoo nga ang balitang magnobyong sina Benedict at Shirley. Hindi niya matanggap ang isiping kaya siya nasasaktan ay dahil pag-aari na ng iba ang binata.

3

Naiinip na si Margaret sa pagdating ng kanyang sundo. Dati ay nag-aabang na kaagad sa gate ang driver nila paglabas niya ng *St. Therese*, ngunit nang hapon na iyon ay may tatlung minuto na siyang nakatayo roon pero hindi pa rin niya ito matanaw.

Nakadama siya ng kalungkutan. Kung naroon lamang si Shirley, kahit maghintay siya nang matagal ay okay lang dahil may makakakuwentuhan siya.

Dala ng pagkainip, naisipan niyang maglakad-lakad muna. Hindi nga pala niya napag-uukulan ng pansin ang labas ng paaralang pinapasukan. Nasanay kasi siyang hatid-sundo ng kotse. Minsan man ay hindi sumablay sa pagsundo sa kanya si Mang Doro dahil kabilin-bilinan ng daddy niya na huwag siyang hahayaang umuwing mag-isa. Hindi rin naman siya nagtatangkang maglakwatsa pagkatapos ng klase dahil ayaw niyang makihalubilo sa mga karaniwang tao.

Iyon kasi ang ipinamulat sa kanya ng ama, na sila ay nabibilang sa mataas na antas ng lipunan kaya hindi sila dapat makisalamuha sa mahihirap.

Ang ama niya ay isang prominenteng tao sa kanilang probinsya. Sa susunod ngang eleksyon ay nagbabalak itong kumandidato bilang mayor dahil na rin sa sulsol ng mayayaman at negosyante sa kanila. At siya, bilang masunuring anak, naapektuhan na rin siya ng ugali ng ama na mapagmalaki. Ang nakuha lamang niyang ugali ng ina ay ang pagiging masunurin. Masunurin siya sa ama.

Maganda pala ang labas ng St. Therese, sa isip-isip niya matapos ng ilang minutong paglalakad.

Maraming malalagong puno ang nakayungyong sa dinaraan niyang makitid na kalsada. May mangilan-ngilang bahay na nasa gilid ng daan. May mga batang naglalakad na galing sa pampublikong paaralan. Kahit sa kalsada ay naghaharutan at naglalaro ang mga ito.

“Unahan tayo hanggang sa punong iyon!” sigaw ng isang batang lalaki na nakasukbit sa likuran ang knapsack. Ito ang pinakamalaki at mukhang pinakapilyo sa lahat.

“Sige! Pipitikin sa ilong ang matatalo!” sagot naman ng isa na mukhang maharot din.

Natuon ang pansin ni Margaret sa grupo ng mga kasabay na bata, sa isip ay pilit na hinahagilap

ang sariling kabataan. Hindi niya maalalang naging karanasan niya ang makipag-unahan ng takbuhan noong bata pa siya.

Limang kabataang lalaki ang humilera sa kalsada, ang isa sa mga ito ay gumuhit ng pahalang sa pamamagitan ng chalk na hawak. Matitinis na halakhakan at tawanan ang kasunod niyon habang nagtatakbuhan ang mga bata, waring siyang-siya sa kanilang kaharutan.

“London bridge is falling down... falling down....”
Apat na batang babae ang pabilog na magkakakapit-kamay habang umiikot sa ilalim ng lilim ng isang punong acacia sa gilid ng daan. Ang mga gamit ng mga ito ay nakalapag sa pinakaugat ng mga puno.

Nakadama ng hindi maipaliwanag na pananaghili si Margaret. Bakit nga ba siya ay walang ganoong karanasan?

Lumampas siya sa mga batang naglalaro, hanggang sa magawi sa lugar na may madalang nang kabahayan. Malamig ang dapyo ng panghapon hangin, kay sarap samyuin. Nagpatuloy siya sa paglakad. Nakakabawas sa kahunungkagan ng kanyang kalooban ang mga tanawin at hanging nalalanghap.

Saglit niyang nilingon ang pinanggalingang

paaralan. Maliit na iyon sa kanyang paningin. Ang daang tinutungo niya ay alam niyang palayo sa kanilang bahay. *Pero ngayon lang naman ako maglakwatsa. Siguro nama'y maiintindihan ako ng Daddy, sa loob-loob niya.*

Ang kanyang dinadaan ay hindi na sementadong kalsada bagaman puwede pa ring daanan ng sasakyan. Nahinuha niyang patungo siya sa bukid.

First time niyang magawi roon. Ayaw siyang magpunta roon ng kanyang ama dahil maputik daw roon, mabaho at delikado.

Ngunit hindi niya natagpuang mabaho ang bukirin. Ang sarap nga sa ilong ang malamig na dapyo ng hangin. Hindi rin naman mukhang delikado. Ang tahi-tahimik ng paligid, parang payapang-payapa.

Nalibang siya sa pagmamasid sa kapaligiran; hindi niya pansin na dumidilim na.

Ang daang tinatahak niya ay pakipot nang paipot hanggang sa maging pantaong daanan na lamang ngunit hindi niya iyon napapansin. Ang pakiramdam niya sa mga sandaling iyon ay malayang-malaya siya.

Paano ba naitago sa kanya ng daddy niya ang ganoon kagandang tanawin sa loob ng labing-limang taon ng kanyang buhay?

Siya na rin ang sumagot sa piping katanungan. Dahil masunurin siyang anak. Bawat ipag-utos sa kanya ng ama ay dagli niyang sinusunod.

Napalinga siya sa paligid. Noon lang niya nalamayan na nag-aagaw-dilim na pala. Tiyak na matagal na siyang hinihintay ng kanyang sundo.

Bahagya siyang kinakabahan. Malayu-layo rin ang kanyang nalakad. Tiyak na bago pa siya makabalik sa pinanggalingan ay laganap na ang dilim.

Binilisan niya ang lakad. May mangilan-ngilang magsasaka at kabataan pa siyang nakakasalubong. Hanggang sa mapatapat siya sa makapal na kakahuyan. Lalong naging madilim ang paligid. Kahit walang katatakutan ay natakot siya. Nang buhat sa isang malaking na puno ay may biglang tumalon sa kanya! Isang malaking bayakan!

Tumili siya, napabilis ang takbo dahil sa takot. Palibhasa ay baku-bako ang daan at hindi niya iyon kabisado kaya natapilok siya. Ang maputik na lupa ang sumalo sa kanya.

“Aray ko!” Kaagad niyang nadama ang kirot sa isang sakong niya. Hindi siya makatayo. Tangkain nga lang niyang kumilos ay sumisigid na ang kirot sa kanyang buong katawan.

Wala siyang nagawa kundi ang umiyak. Nagpalinga-linga siya sa paligid, nagbabakasakaling may makitang maaaring sumaklolo sa kanya.

Buhat sa lugar na kanyang pinanggalingan ay isang anino ang nakita niyang paparating. Naaninag niya na lalaki ito na mataas at may malaking pangangatawan.

Ang unang pumasok sa utak niya ay panganib. Hindi niya kilala ang mga tao sa kanilang baryo dahil nga bihira siyang lumabas ng bahay. Paano kung ang isang ito ay may maitim na budhi? Paano kung sa kanyang napaka-helpless na kalagayan ay gawan pa siya nito nang masama?

Ang takot niya ay tila binuhusan ng malamig na tubig nang makilala kung sino ang papalapit. Minsan pa lang niya itong nakaharap, minsan pa lang niyang nakadaupang-palad pero kumabog nang malakas ang kanyang dibdib sa anticipation.

Ang tingin niya ay ito ang kanyang knight in shining armour minus ang simpatikong ngiti. Dahil ang papalapit na si Benedict ay madilim ang mukha.

“Ano’ng ginagawa mo dito? Bakit umalis ka sa gate ng school ninyo? Tingnan mo tuloy ang nangyari sa iyo!” Tila kulog na dumadagundong

ang malakas na tinig nito. Nakatayo ito sa harapan niya at nakapamaywang pa, samantalang siya ay nagmistulang alipin na nakatingala sa amo.

Galit man ang tinig nito, wala mang kangiti-ngiti sa mukha ay bale-wala iyon kay Margaret. May pakiramdam siyang ang nasa likod ng galit nito ay pag-aalala. “Natapilok ako; masakit ang paa ko,” nagpapaawa ang tinig niyang sabi.

Yumukod sa kanya ang binata, tiningnan ang maputi niyang paa. Hinagud-hagod nito iyon na parang tinatantiya kung ano ang pinsalang mayroon siya.

“Aray! Masakit!” sigaw niya. Bigla ang sigid ng kirot nang iginalaw niya ang paa. Paano ay nagulat siya sa ginawa nitong paghagod doon. Hindi niya inaasahan ang kuryenteng biglang nanulay sa kanyang buong katawan.

“Alin ang masakit? Ito ba?”

“Iyan, iyang litid ng paa ko... kapirasong galaw ko lang ay sumasakit.” Kahit nasasaktan, hindi niya naiwasang kiligin dahil sa nakitang pag-aalala sa mukha nito.

Muling hinagud-hagod ni Benedict ang parteng tinutukoy niyang masakit. Paminsan-minsan ay

sumusulyap ito sa kanyang mukha. At parang may kumikislap na kaligayahan sa mga mata nito.

“Kaya mo bang tumayo?” malambing na tanong nito.

“B-baka hindi. Masakit kasi talaga.”

“Okay lang ba sa iyo kung buhatin kita?” paghingi nito ng permiso.

“S-sige.” *Naloloka na 'ata ako!* sita niya sa sarili. Hindi na nga niya maigalaw ang paa dahil sa kirot, gusto pa niyang ma-excite sa isiping kakargahin siya ng binata.

“Halika.”

Binuhat nga siya ni Benedict. Nang magkadikit ang kanilang mga katawan at nalanghap ang hininga ng isa't isa ay naghinang ang mga mata nila.

“Benedict....”

“Ano?”

“Saan mo ako dadalhin?” may lambing sa tinig niyang tanong habang ikinakawit ang mga kamay sa batok nito. Pakiramdam niya ay nakalutang siya sa ulap nang mga sandaling iyon.

“Kanina pa nahihilo ang driver ninyo. Lahat

ng masalubong niya'y tinatanong kung saan ka nagpunta. Naroon pa rin siya sa harap ng gate ng *St. Therese*," sagot nito, bumalik ang igting sa tinig.

"Bakit galit ka?"

"Wala. Kasi'y iniisip ko lang, paano kung hindi ako ang nakakita sa iyo? Paano kung salbahe ang unang nahingan mo ng tulong? Paano kung...." Hindi na nito naituloy ang sasabihin. Napatitig ito sa kanya, napahinto sa paglakad.

"Nabibigatan ka na ba sa akin?" maang niyang tanong.

"H-hindi. Para kasing hindi ako makapaniwalang... nasa mga bisig kita," tila wala sa sariling saad nito.

"A-ano ang ibig mong sabihin?"

"Wala. Kalimutan mo na'ng sinabi ko." Nagbawi ito ng tingin.

"Baka nangangawit ka na, ibaba mo muna ako doon sa bangkong iyon." Itinuro niya ang pahabang bangko na nasa gilid ng isang saradong tindahan.

"Masakit pa ba?" May pag-aalala ulit sa tinig nito.

"Oo pero ibaba mo muna ako nang makapahinga ka. Malayo pa 'ata ang sasakyan namin." Ang totoo ay

ayaw pa niyang matapos ang sandaling magkasama sila. Alam kasi niyang malapit na sila sa gate ng *St. Therese*.

“S-sige.” Sumunod naman ito. Nang makalapit na sila sa saradong tindahan ay maingat siya nitong inilapag sa bangko.

“Salamat.”

Naupo ito sa tabi niya. Nang magkadikit ulit ang mga balat nila ay napapikit siya.

“Bakit? Masakit ba lalo?” tanong nito nang makita ang reaksyon niya.

“H-ha?” Pabigla siyang napadilat. “Hindi. Ganoon pa rin ang sakit.” Napapahiyang nagbaba siya ng tingin. Natatakot siyang baka mabasa nito sa kanyang mga mata ang tunay niyang damdamin.

“Akin na.” Dumukwang ito at maingat na inangat ang kanyang paa. Walang pangigingim ipinatong nito iyon sa sariling kandungan at hinilot. “Masakit pa ba?”

“H-hindi na gaano.” Muli siyang pumikit. Hindi na kirot ang nadarama niya kundi ang ginhawang idinudulot ng paghilot nito.

Dumaan ang katahimikan

Nang dumilat siya ay natagpuan niya itong titig na titig sa kanya.

“B-bakit?” Bahagya siyang kinabahan sa klase ng titig nito.

“Kahit pala madilim ay kitang-kita ang kagandahan mo. Hindi nakakapagtakang maraming lalaki ang nagkakagusto sa iyo, kahit pa nga ang hirap mong abutin,” makahulugan nitong saad.

“Anong mahirap abutin?” maang niyang tanong.

“Buhat sa malayo’y tinatanaw kita,” sabi nitong tila sarili lang ang kinakausap. “Pangarap kitang abutin, mahawakan, makasama, sapul pa sa aking kamusmusan. Akala ko’y mananatili na lamang akong nakatanaw sa iyo.” Muli ay naging masuyo ang tinig nito. Malamlam ang mga mata nito nang tumingin sa kanya.

“Ngayon ay narito ka sa tabi ko,” patuloy nito. “Nadarama ko ang katawan mo, kahit ang paa mong hinihilot ko’y nagdudulot sa akin ng kaligayahan.”

“Benedict! Ano ba’ng pinagsasabi mo?”

“Kung hihilingin mo sa mga sandaling ito na halikan ko ang paa mo, hindi kita bibiguin,” parang hibang na bigkas nito.

Lalo siyang natulala.

“Pero ang totoo, ang labi mo ang gusto kong angkinin.” Pagkasabi niyon ay dahan-dahan nitong inilapit ang mukha sa mukha niya.

Namanhid ang buo niyang katawan nang sa wakas ay maunawaan niya ang sinasabi nito. At bago pa siya nakaiwas, sinisiil na siya nito ng halik sa labi. Ang kamay nito ay humapit sa kanyang baywang habang ang isa ay kinabig ang batok niya.

Unang halik niya iyon, mula sa unang lalaking gumulo sa tahimik niyang mundo. Hindi niya malaman kung paano magre-react.

Hanggang sa lumalim ang halik nito. Ang bibig niyang nakaikom ay pinipilit nitong ibuka sa pamamagitan ng dila. Hindi siya nakatutol, tinanggap ang panauhing iyon. Mariin niyang ipinikit ang mga mata.

Hindi niya tiyak kung gaano sila katagal sa ganoong posisyon bago nito iniwanan ang kanyang labi.

Kumikislap sa kaligayahan ang mga mata nito. “Akala ko’y sa pangarap lamang kita mahahalikan, Margaret,” saad nito at saka siya muling siniil ng halik.

Sa pagkakataong iyon, tila may sariling isip ang labi niyang tumugon dito. Kumimbut-kimbot ang labi niya, ginagaya ang paraan ng paggalaw ng labi nito.

Napaungol si Benedict sa kanyang ginawi. “Oh, Margaret...” sa pagitan ng paghalik at paghinga ay tila hibang na sambit nito.

Benedict! Siya man ay sinasambit din ang pangalan nito ngunit sa isip lang niya.

Hindi nagtagal ay nagsimulang maglakbay ang mga kamay nito sa katawan niya—sumasamba, pumipisil, dumadama, umaangkin.

May mali sa nagaganap, sigaw ng isip niya, ngunit wala siyang kakayahang tapusin iyon. Natuklasan niyang may higit pa palang kaligayahang nadarama sa pagpapaubaya.

Walang anu-ano ay narinig nila ang tunog ng paparating na sasakyan. Dagling naglayo ang mga katawan nilang malapit na sanang matupok. Ipinagpasalamat nilang nasa kubling bahagi ang kinauupuan nila kung di ay nasinagan sana sila ng headlights ng sasakyan.

“Ang kotse namin!” bulalas niya, kaagad na inayos ang damit na bahagyang nagusot.